# Prinsipyo ng Animal Welfare para sa pagsugpo ng epidemiya at sakit sa hayop (*disease-control*)

## Introduksyon

Ang Animal Welfare ay batay sa *sentience*; ito ay ang abilidad ng mga hayop na makaranas ng iba't ibang pakiramdam o emosyon (halimbawa: ang pagdanas ng sakit, hirap, gutom, uhaw, pagdurusa, kasiyahan, sarap, saya, kaginhawaan, atbp. Ang siyentipikong kahulugan ng "animal welfare" ay matagal ng pinag-debatehan at nagbago na sa paglipas ng panahon. Ang OIE (o World Organisation for Animal Health) ay nagbago na rin sa kanilang depinisyon ng ***animal welfare*** at ito ay nakasaad sa Terrestrial Code: "ang 'animal welfare' ay ang pisikal at mental na kalagayan ng hayop na may kaugnayan sa kondisyon kung paano ito nabubuhay o namamatay."

Ang layunin ng *technical note* na ito ay ipaalam sa mga tao na mayroong *OIE resources* at meron ding tungkulin tayong mga tao na siguraduhing ang anumang pagpatay ng hayop (upang gawing pagkain ang kanilang karne o di kaya'y upang magamit ang kanilang balat) ay may kaakibat na obligasyon. Tayo ay may tungkuling siguraduhin na ang paraan ng pagpatay ay hindi magdudulot ng paghihirap o pagdurusa sa hayop. Isa rin sa layunin ng technical note na ito na mapalawak ang kaalaman ng mga tao sa pagkakaroon ng *OIE resources* at pati na ang pagpapakita na ang mga *resources* na ito ay available na para sa *training*.

## Kalidad ng Kamatayan

Kahit na tanggap na ng lipunan ang pagkatay ng hayop para kainin, hindi nawawala ang responsibilidad nating mga tao na siguraduhing walang paghihirap na magaganap sa *slaughterhouse* at maayos ang proseso ng pagkatay o pagpatay ng hayop. Hindi dapat na may nangyayaring kalupitan sa slaughterhouse – walang paghihirap,  na katayin ang mga hayop para sa ating pagkain, meron tayong responsibilidad na siguraduhing walang paghihirap na magaganap sa slaughterhouse at ang proseso ng pagpatay o pagkatay ay walang naidudulot na paghihirap, at di-kinakailangang pananakit, pagbigay-pinsala, pagkabalisa o pagdurusa. Ganun din kapag papatay tayo ng hayop para sa pag iwas ng sakit o *disease control*.

Ayon sa kasaysayan ng animal welfare, ang focus ay ang proseso ng pagpatay ng hayop. Gayun pa man, sa mata ng hayop, kung paano siya pinatay ay maaaring ang pinakahuli lamang sa mga sunud-sunod na ginawang pagpapahirap sa kanya.

Ang mga hayop na ating ginagamit sa pagkain ay maaaring nakaranas na ng kalupitan sa paghawak, paglipat pag-marka, maaaring makaranas ng matinding gutom, uhaw o pagkaipit sa isang masikip na trak o kulungan at pati na rin ang paulit-ulit sa pagkilatis ng mga inspector ng karne bago pa man sila katayin.

Ang kapakanan ng mga hayop kapag sila ay papatayin na o ika-*cull* para sa pagsugpo sa epidemya o sakit (*disease-control*) ay dapat pagtuunan ng pansin. Ang buong proseso ng pagkulong at pag *transport* ng hayop ay kailangang maayos, mabilis, ligtas at, higit sa lahat, mayroon pa ring awa at malasakit na hindi naman sila lubos na pinahirapan o matagal na naghirap bago sila pinatay.

Ito ay tinatawag ding "humane" o makataong paraan. Nakatutok ang pandaigdigang komunidad at mayroong mga pamantayan para sa pagkatay. Ang pagsunod nating mga Pinoy sa ***international animal welfare standards*** ay hindi lamang inaasahan ng ating mga kaibigan at kapitbhay sa *international community,* sa pamamagitan ng pagsunod sa pamantayang ito, naiiwasan ang pagbigay ng stress sa mga manggagawa, magsasaka at sa mga nagta-trabaho sa *slaughterhouses.* Sila ang mga taong na nakakakita sa pagkatay o mismong nagkakatay sa mga hayop.

Ang mga alituntuning dapat sundin ay:

- Paraang ng pag-*handle* at ang pasilidad na nakakabawas sa *stress* na maramdaman ng hayop.
- Ang paggamit ng *personnel* na may tamang training, qualipikasyon at may malasakit nang kahit papaano sa hayop.
- *Equipment* na epektibo, madaling gamitin at naaayon sa tamang gamit.
- Isang prosesong siguradong agad na nagpapawalang-malay sa hayop na papatayin o di kaya'y mabilis ang pag-*slaughter* o pagpatay kung saan wala halos naramdamang sakit ang hayop bago siya kinatay.
- Garantiya na hindi gumigising ang hayop mula sa estadong pagkakawalang-malay bago katayin.
- Pagkumpirma na patay na talaga ang hayop bago itapon o i*dispose* ang katawan nito.

Tatalakayin ng series ng technical notes ng World Animal Protection ang mga detalye ng dalawa sa pinaka-praktikal na option sa pagkatay o pagpatay ng mga baboy, baka, kambing, manok at iba pang hayop na karaniwan nating kinakain – ang paggamit ng *captive bolt* at ng *2-stage electrical (stun-kill).* Mahalaga na ang tamang pag-*handle* o paghawak, pag-*transport* at pagsisigurado na patay na ang hayop bago i-*dispose* ang katawan nito,

Kabilang sa World Animal Protection technical notes ng pagpatay ng hayop para iwasan ang paglaganap ng sakit o disease control ang mga sumusunod:

1. Alituntuning animal welfare para hindi kumalat ang epidemya o sakit (disease-control)
2. Pag-uugali ng baboy at wastong pag-handle sa kanila
3. Paggamit ng *electrical stun-kill method* at pag-kumpirma na patay na talaga ang hgayop.
4. Paggamit ng *mechanical killing (captive bolt)* at pag-kumpirma na patay na talaga ang hayop

Ang mga impormasyong ito ay naaayon sa Chapter 7.6 ng OIE Terrestrial Chapter ukol sa pagpatay ng hayop para sa *disease-control* o sa pagpigil sa epidemya at pagkalat ng sakit sa hayop na maaaring matagpuan **dito**
https://www.oie.int/index.php?id=169&L=0&htmfile=chapitre_aw_killing.htm

Ang mga pangunahing pamamaraan para sa baboy ay nakabuod sa ilalim:

| OIE Terrestrial Animal Health Code<br>Chapter 7.6 – Killing of Animals for Disease Control Purposes<br>Swine Procedures | | |
|---|---|---|
| **Age Range** | **Procedure** | **Restraint Necessary** |
| **All, except neonates** | Free bullet | No |
| **All, except neonates** | Penetrating captive bolt, followed by pithing | Yes |
| **Neonates** | Non-penetrating captive bolt | Yes |
| **All** | 2-stage electrical | Yes |
| **All** | Single stage electrical | Yes |
| **Neonates** | $CO_2$/nitrogen/inert gas/mixture | Yes |
| **All** | Injection with barbiturates | Yes |

Para sa mga OIE webinars na tumatalakay mismo sa African Swine Fever, mag click lamang **dito** https://rr-asia.oie.int/en/projects/asf/asf-related-webinars/ #3 and #10